

Mga Serbisyo para sa mga Buntis at Bagong Magulang

Kung mayroon kang Medi-Cal at buntis ka o kakapanganak lang, may akses ka sa libreng pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyo upang panatilihin ka at ang iyong sanggol na malusog at ligtas.



Mga Programa at Serbisyo ng Medi-Cal



Pangangalagang Pangkalusugan

Sinasaklaw ng Medi-Cal ang pangangalaga ng kalusugan mo at ng iyong sanggol—mula sa pagbubuntis hanggang sa hindi bababa sa isang taon ng postpartum. Kasama rito ang panganganak at pagpapanaak, mga pagbisita sa doktor, mga pamamalagi sa ospital, pangangalagang pang-emerhensya, mga medikal na suplay, mga gamot, pagpapalano ng pamilya, dental, paningin, at marami pa.



Pagkoordinang Pangangalaga

Makakuha ng tulong sa pamamahala ng iyong pangangalagang pangkalusugan bago at pagkatapos maisilang ang iyong sanggol, kasama ang mga follow up na pagbisita sa doktor, transportasyon papunta sa doktor, at mga referral sa pangangalaga ng espesyalista.



Pangkaisipang Kalusugan at Adiksyon

Makipag-usap sa isang therapist at kumuha ng tulong para sa mga karaniwang isyu gaya ng postpartum depression o pagkabalisa, mga pangangailangan sa pangkaisipang kalusugan, o paggamot sa pagkalulong sa alak at droga.



Mga Klase para sa Kalusugan, Panganganak, at Pag-aalaga ng Anak

Alamin kung paano manatiling malusog sa panahon ng pagbubuntis, gumawa ng plano sa panganganak, at alagaan ang iyong bagong sanggol.



Pagpapasuso at Nutrisyon

Kumuha ng tulong sa coaching sa pagpapasuso, libreng mga breast pump, pagpapayo sa nutrisyon, at mga bitamina.



Mga Suporta sa Komunidad

Kung nagkakwalipika ka, makakuha ka ng tulong sa tirahan, masustansyang pagkain, at iba pang mga pangangailangan kasama ng iyong pangangalagang pangkalusugan.



Mga Serbisyonang Suporta sa Ina na Amerikanong Indiyano

Ang mga ina na Amerikanong Indiyano ay pwedeng makakuha ng pangangalagang pangkalusugan, edukasyon, suportang emosyonal, at mga pagbisita sa bahay bago at pagkatapos ng panganganak.

Iba Pang mga Programa at Serbisyo



Bayad na Pagliban sa Trabaho na Para sa Pamilya (Paid Family Leave)

Makakuha ng hanggang walong linggo na bayad na pagliban sa trabaho para sa bawat magulang upang pangalagaan ang iyong pamilya sa loob ng 12 buwan.



Mga Kababaihan, Sanggol, at Bata

Makakuha ng masusustansyang pagkain, tulong sa pagpapasuso, at mga checkup para sa iyo at sa iyong sanggol.



CalFresh

Para sa mga miyembrong nais na magdagdag sa kanilang badyet upang makapaghanda ng masustansyang pagkain.



Kalusugan ng Itim na Sanggol

Ang mga itim na buntis na kababaihan at yaong nasa yugtong postpartum ay maaaring makakuha ng parehong isa-sa-isa at panggrupo na tulong.

Handa ka bang suportahan ang isang malusog na pagbubuntis at simulan nang malakas ang paglalakbay ng iyong sanggol?

I-scan ang QR code o bisitahin ang www.dhcs.ca.gov/services/Pages/Maternal-Perinatal.aspx upang alamin ang mga libreng serbisyo na ito at mahanap ang tamang suporta para sa iyo at sa iyong pamilya.

